SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: 7/2/21 Time: 9:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-53

**"KINAKATIGAN ANG KAHILINGAN NG PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG AGRIKULTURA, IGG. WILLIAM DAR, PARA SA TULONG PINANSYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LABIN LIMANG MILYONG PISO (PHP15,000,000.00), PARA SA PAGPAPASEMENTO NG FARM TO MARKET ROAD SA MGA BARANGAY TIBAGAN, BONGA MAYOR, BONGA MENOR, MALAMIG AT LICIADA, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**
Tagapangulo
Lupon sa Kooperatiba, Agrikultura, Seguridad sa Pagkain at Kapaligiran

---

**SAPAGKA'T**, ang kakalsadahin na mga farm-to-market roads ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKA'T**, ang mga kalsadahin sa Barangay Tibagan, Bonga Mayor, Bonga Menor, Malamig at Liciada ay isang mahalagang farm-to-market road, ngunit ito ay sira-sira na at mahirap nang daanan;

**SAPAGKA'T**, ang pagsasa-ayos ng farm-to-market road sa mga nasabing barangay ay magsisilbing malaking pakinabang, kapaburan sa mga kababayan nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating Dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, gayundin, kung mapapa-ayos ang nasabing kalsada ay mapapadali ang pamumuhay ng mga mamamayan at motoristang dito ay dumadaan;

**SAPAGKA'T**, magiging madali din ang paghahatid ng tulong at pagresponde kung sakaling dumating ang oras ng sakuna.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na katigan ang kahilingan ng Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, sa Kalihim ng Kagawaran ng Agrikultura, Igg. William Dar, para sa tulong pinansyal na nagkakahalaga ng Labin Limang Milyong Piso (PhP15,000,000.00), para sa pagpapasemento ng farm to market road sa mga Barangay Tibagan, Bonga Mayor, Bonga Menor, Malamig at Liciada, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelina DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-25 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim